Mensahe Anim

## Pag-abot sa Nakahihigit na Pagkabuhay na Muli

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 3:10-14; Roma 6:3-5; 8:11; Apoc. 1:17b-18

**I. "Ang nakahihigit na pagkabuhay na muli" ay tumutukoy sa humihigit na pagkabuhay na muli, ang ekstrang-pagkabuhay na muli, na magiging premyo sa mga mandaraig na banal—Fil. 3:11; Apoc. 20:4, 6:**

A. Lahat ng mga mananampalatayang namatay kay Kristo ay makikibahagi sa pagkabuhay na muli mula sa mga patay sa pagbabalik ng Panginoon—1 Tes. 4:16; 1 Cor. 15:52.

B. Ang mga mandaraig ng Panginoon ay magtatamasa ng isang ekstra, humihigit na bahagi ng pagkabuhay na muling iyon, isang pagkabuhay na muli na kanilang tatanggapin na gantimpala ng kaharian; ito ang hinahangad ni Pablo—Fil. 3:11; Heb. 11:35, 26.

**II. Para kay Pablo, ang mabuhay ay si Kristo bilang ang nakahihigit na pagkabuhay na muli—Fil. 1:21a; 3:11:**

A. Ang Kristong nabuhay sa loob ni Pablo ay ang Isa na, sa Kanyang persona, ay ang realidad ng nakahihigit na pagkabuhay na muli—Juan 11:25; Apoc. 1:17b-18; 2:8.

B. Ang nakahihigit na pagkabuhay na muli sa katunayan ay ang magiliw, mahalaga, ekselenteng persona ni Kristo, ang Isa, sa pamamgagitan ng pagkapako at pagkabuhay na muli, ay lumabas mula sa lumang paglikha at pumasok tungo sa Diyos—Juan 14:3, 20; Heb. 6:19-20.

C. Upang maabot ang nakahihigit a pagkabuhay na muli, kailangan nating makilala si Kristo sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli, makilala Siya sa salamuha ng Kanyang mga pagdurusa, at makilala Siya sa pagiging naiwangis sa Kanyang kamatayan—Fil. 3:10-11.

D. Sa mga bersikulo 13 at 14 ay nakikita natin na hindi ibinilang ni Pablo ang kanyang sarili na nakatangan na sa nakahihigit na pagkabuhay na muli; siya ay naghabol tungo sa gol ng nakahihigit na pagkabuhay na muli para sa premyo kung saan ang Diyos kay Kristo ay tinawag siya pagtaas.

**III. Ang ating buhay Kristiyano ay mayroong gol, at ang gol na ito ay ang nakahihigit na pagkabuhay na muli, ang ekstraordinaryong pagkabuhay na muli—b. 11:**

A. Hinangad ni Pablo na maiwangis sa kamatayan ni Kristo upang, sa pamamagitan ng anumang pamamaraan, ay makarating siya sa nakahihigit na pagkabuhay na muli sa mga patay—b. 10.

B. Ang Kristong dapat nating ipamuhay ay ang mismong nakahihigit na pagkabuhay na muli—1:21a; 3:11; Juan 11:25.

C. Tayo ay nasa daan patungo sa nakahihigit na pagkabuhay na muli; ang nakahihigit na pagkabuhay na muli ay dapat maging ang gol at kahihinatnan ng ating buhay Kristiyano—Fil. 3:11-15.

D. Ang daan patungo sa nakahihigit na pagkabuhay na muli ay ang proseso ng pagkabuhay na muli—Roma 8:11:

1. Ang proseso ay nagsimula sa araw nang tayo ay nabautimuhan at magtatapos pagsapit natin sa humihigit na pagkabuhay na muli—6:3-5.
2. Habang patungo tayo sa gol, tayo ay nasa proseso ng pagiging nabuhay na muli; kalaunan, bawa't bahagi ng ating katauhan ay bubuhaying muli—1 Tes. 5:23.

3. Tayo ay magpapatuloy sa prosesong ito hanggang tayo ay makarating sa gol ng nakahihigit na pagkabuhay na muli—Fil. 3:11.

E. Ang makaabot sa nakahihigit na pagkabuhay na muli; ito ay humihiling sa atin na matagumpay na tumakbo sa takbúhin para sa premyo—1 Cor. 9:24-26; 2 Tim. 4:7-8; Heb. 12:1-2.

**IV. Ang resulta ng pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo ay yaong tayo ay makaabot sa nakahihigit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay—Fil. 3:10-11:**

A. Ang kamatayan ay ang kundisyon para sa ating pag-abot sa nakahihigit na pagkabuhay na muli—b. 11.

B. Ang pagdating sa nakahihigit na pagkabuhay na muli ay ang resulta, ang kinalabasan, na pagiging naiwangis sa kamatayan ni Kristo—b. 10.

C. Ang maiwangis, maihulma, sa kamatayan ni Kristo ay nangangahulugan na tayo ay lagging nananatili sa Kanyang kamatayan—Roma 6:6; Gal. 2:20; Fil. 3:10.

D. Kung tayo ay naiwawangis sa kamatayan ni Kristo, tayo ay mapapasa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo, at sa pagkabuhay na muli ay makakatagpo natin si Kristo, mararanasan si Kristo, at matatamasa ni Kristo—Juan 11:25; Efe. 3:8; Fil. 1:8, 19, 21a; 2:5-8; 3:12.

E. Kung mananatili tayo sa kamatayan ni Kristo, hinahayaan ang ating mga sarili na maihulma tungo sa wangis nito, ang kinalabasan ay yaong bawa’t bahagi ng ating katauhan ay dahan-dahang mabubuhay na muli—bb. 10-11.

**V. Hinggil sap ag-abot sa nakahihigit na pagkabuhay na muli, kailangan nating itanong ang isang mahalagang katanungan: Maabot ba natin ang gol ng nakahihigit na pagkabuhay na muli sa kapanahunang ito, o makakatakbo lamang tayo sa takbuhin at umasa na marating ang gol sa darating na kapanahunan?**

A. Kung iniisip natin na dapat tayong maghintay hanggang sa darating na kapanahunan upang makarating sa gol ng nakahihigit na pagkabuhay na muli subalit hindi nakarating sa gol sa kapanahunang ito, hindi natin maaabot ito sa susunod na kapanahunan.

B. Dapat tayong magpunyaging makarating sa nakahihigit na pagkabuhay na muli sa buong buhay natin—b. 11.

C. Inihahayag ng Roma 8:11 na tayo ay makakaabot sa nakahihigit pagkabuhay na muli sa kapanahunang ito:

1. Sinasabi ng bersikulong ito na kung ang Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay nananahan sa loob natin, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay din ng buhay sa bahaging iyon na ating katauhan na namamatay—ang ating katawang mortal.
2. *Nagbibigay ng buhay* sa bersikulo 11 ay hindi tumutukoy sa pagpapagaling kundi sa resulta ng pagpapahintulot sa Espiritu ng Diyos na gumawa ng Kanyang tahanan sa loob natin at matigmakan ang aitng buong katauhan ng dibinong buhay.
3. Ang Espiritu ay nananahan sa atin upang isagawa ang nakahihigit na pagkabuhay na muli sa ating katauhan sa isang tunay at praktikal na paraan.

**VI. Ang makarating sa nakahihigit na pagkabuhay na muli ay nagpapahiwatig na ang ating buong katauhan ay dahan-dahan at patuloy na binubuhay na muli—1 Tes. 5:23:**

A. Unang binuhay na muli ng Diyos ang ating namatay na espiritu; Siya ay nagpapatuloy upang buhaying muli ang ating kaluluwa at ang ating katawang mortal hanggang ang

ating buong katauhan—espiritu, kaluluwa, at katawan—ay lubusang mabuhay na muli mula sa ating lumang katauhan sa pamamagitan ng Kanyang buhay at kalakip ang Kanyang buhay—Efe. 2:5-6; Roma 8:6, 11.

B. Ito ay isang proseso sa buhay kung saan dapat tayong dumaan at isang takbuhin hanggang sa makarating tayo sa nakahihigit na pagkabuhay na muli bilang isang premyo—Fil. 3:11-14.

C. Kung tayo ay naiwawangis sa kamatayan ni Kristo, bawa't bahagi ng ating katauhan ay dahan-dahang mabubuhay na muli; kaya, ang buhay Kristiyano ay isang proseso ng pagkabuhay na muli.

D. Mararating natin ang gol na ito sa pamamagitan lamang ng pamumuhay ng isang napakong buhay—b. 11; Gal. 2:20.

**VII. Kailangan nating maiwangis sa kamatayan ni Kristo upang sa anumang ay makaabot tayo sa nakahihigit na pagkabuhay na muli mula sa mga patay; ito ang natatanging daan upang makapagpatuloy ang Panginoon sa Kanyang pagbabawi, ang natatanging daan upang itayo ang Kanyang ekklesia, ang natatanging daan upang ihanda ng kasintahang babae ang kanyang sarili, at ang natatanging daan upang pabalikin ang Panginoon—Fil. 3:10-11; Mat. 16:18; Apoc. 19:7-9a; 22:14, 20.**

*© 2023 Living Stream Ministry*